Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Kung paanong si Jonas ay tatlong araw at tatlong gabing nasa tiyan ng dambuhalang isda, gayon din ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabing sasa-ilalim ng lupa.

## Pangkalahatang Panalangin

Purihin ang makapangyarihang Diyos na nagmamasid sa ating lahat bilang Ama. Talus niya ang lahat ng ating mga pangangailangan ngunit nais niyang hanapin muna natin ang kanyang kaharian. Manalangin tayo sa kanya bilang kanyang sambayanan:

— Mapasaamin nawa ang iyong kaharian upang lumaganap ang katarungan.

Ama ng lahat ng kabanalan, ibinigay mo sa amin si Kristo bilang pastol ng aming mga kaluluwa; manatili ka sa iyong mga pastol at sa kawang ipinagkatiwala mo sa kanila at huwag iwanan ang kawang ito na walang pastol na nagmamahal at kumakalinga, huwag iwanan ang iyong mga pastol na walang matapat na kawang sa kanila'y susunod.

— Mapasaamin nawa ang iyong kaharian upang lumaganap ang katarungan.

Turuan ang mga Kristiyanong tulungan ang mga mahihina nang may kalingang mapagmahal,
at sa paglilingkod sa kanila'y Anak mo ang paglingkuran.

— Mapasaamin nawa ang iyong kaharian upang lumaganap

